Australian Government
Department of Health, Disability and Ageing



# Mula sa mga lugar patungo sa mga tao: Pagbibigay ng karapatang mamili ng bahay-alagaan para sa nakatatanda

Gumagawa ng mga pagbabago ang Pamahalaang Australyano sa residential aged care upang magkaroon ka ng mas maraming pagpipilian.

Nagdidesenyo kami ng bagong sistema ng residential aged care na direktang naglalaan ng mga lugar para sa mga nakatatandang naninirahan sa Australya. Kapag nagsimula na ang bagong Aged Care Act [Batas sa Pangangalaga ng Nakatatanda] sa ika-1 ng Nobyembre 2025, ang mga pagbabago ay mangangahulugan na:

- ang mga tao na nangangailangan ng pangangalaga sa bahay-alagaan ay magkakaroon ng mas maraming pagpipilian upang makapasok sa pangangalaga sa tulong ng isang provider na pinakamahusay na tumutugon sa kanilang mga pangangailangan
- makakatanggap ang mga tao ng simpleng impormasyon upang makagawa ng mas may kaalamang desisyon tungkol sa kanilang pangangalaga
- magkakaroon ng insentibo ang mga provider upang magbigay ng mataas na kalidad ng pangangalaga at mas makabagong mga paraan ng pangangalaga
- magkakaroon ng kakayahan ang mga provider na mag-alok ng mas maraming serbisyo sa mas maraming lokasyon na may mas kaunting trabahong pang-administratibo.

### Mga nakatatandang kasalukuyang naninirahan sa mga bahay-alagaan

Kung ikaw ay kasalukuyang nakatira sa isang bahay-alagaan, wala kang kailangang gawin upang maghanda para sa pagbabagong ito.

Ang pangunahing pagkakaiba na makikita mo kapag ang mga lugar ay naitalaga na sa mga tao, ay magiging mas madali para sa iyo na lumipat sa isang bagong bahay-alagaan na iyong pinili, kung gusto mo. Ang pamahalaan ay patuloy na magbibigay ng pondo direkta sa iyong napiling bahay-alagaan para sa iyo.

## Mga nakatatandang nagpaplano para sa pangangalaga sa bahay-alagaan

Hangga't hindi pa nagsisimula ang bagong Batas, mananatili ang kasalukuyang paraan ng pag-access mo sa pangangalaga sa bahay-alagaan. Kung iniisip mong lumipat sa isang bahay-alagaan:

- dapat ka munang suriin ng isang Aged Care Assessment Team [Pangkat na Nagtatasa sa Pangangalaga ng Nakatatanda] at makakuha ng pag-apruba para sa pangangalaga sa bahay-alagaan
- kapag naaprubahan na, maaari ka nang maghanap at lumipat sa isang bahay-alagaan na may bakanteng lugar sa isang provider.

## Paghahanap ng Tulong

Narito kami upang suportahan at tulungan ka at ang iyong pamilya na maunawaan kung ano ang ibig sabihin ng mga pagbabagong ito at kung anong mga pagpipilian na meron ka.

Nagbibigay din kami ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga provider ng pangangalaga sa nakatatanda upang matulungan kang gumawa ng mas mahusay at mas may kaalamang mga desisyon kung saan makakakuha ng pangangalagang tama para sa iyo. Kasama dito ang pagpapalabas ng Star Ratings [Mga Marka na Bituin] para sa mga provider ng pangangalaga sa bahay-alagaan, pati na rin ang mas malinaw na impormasyon tungkol sa mga tirahan.

Nandito rin ang My Aged Care upang tulungan ka.

- Upang makahanap ng impormasyon kung paano maa-access ang mga serbisyo ng aged care, bisitahin ang My Aged Care.
- Maaari kang mag-apply para sa isang pagsusuri sa online at maghanap ng mga lokal na provider ng pangangalaga sa nakatatanda na tumutugon sa iyong mga pangangailangan.
- Maaari kang tumawag sa 1800 200 422 Lunes hanggang Biyernes, mula 8am hanggang 8pm, at Sabado, mula 10am hanggang 2pm.

## Manatiling nalalaman ang pinakabagong impormasyon

Bisitahin ang aming website na Mula sa mga lugar tungo sa mga tao – Pagkakaroon ng karapatang mamili ng bahay-alagaan para sa nakatatanda para sa karagdagan at pinakabagong impormasyon.

Mayroon ding maraming pagkakataon para maipahayag mo ang iyong opinyon tungkol sa mga pagbabago sa pangangalaga sa nakatatanda:

- Mag-sign up upang tumanggap ng EngAged, ang aming buwanang newsletter para sa mga nakatatanda: health.gov.au/aged-care-newsletter-subscribe.
- Bisitahin ang Aged Care Engagement Hub [Sentro para sa Pakikipag-ugnayan sa Pangangalaga sa Nakatatanda] upang alamin ang pinakabagong mga oportunidad at resulta ng konsultasyon: AgedCareEngagement.health.gov.au/get-involved.

### Simulan ang pag-uusap tungkol sa aged care

Pagbabago sa mga batas sa aged care upang unahin muna ang mga karapatan ng nakatatanda

Bisitahin ang **MyAgedCare.gov.au**

Tumawag sa **1800 200 422** (Libreng tawag sa telepono para sa rMy Aged Care)

Para sa mga serbisyo ng pagsasalinwikang pasulat at pasalita, tumawag sa 131 450 at magpakonekta sa 1800 318 209. Upang gamitin ang National Relay Service, bisitahin ang nrschat.nrscall.gov.au/nrs para makapili ng nais mong access point sa kanilang website, o tumawag sa NRS Helpdesk sa 1800 555 660.